Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Si Samuel, Ang Alipin ng Diyos

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Lyn Doerksen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Si Hanna ay isang mabuting babae, may asawa na si Elkana, isang mabuting lalake. Sila ay sumamba sa Panginoon Diyos at nagpakita ng kabaitan sa ibang tao. Ngunit may isang bagay na nawawala sa buhay ni Hanna. Ibig niyang magkaroon ng sanggol. Talaga, gusto niyang magkaroon ng sanggol! Siya'y naghintay at nanalangin at umasa at naghintay na naghintay. Walang sanggol na dumating!



Tuwing taon, si Hanna ay pumaroon sa templo ng Panginoon upang magsamba. Isang taon siya'y nangako sa Panginoon na kung siya'y bigyan ng batang lalake, ibibigay ni a ang bata na maging alipin ng Diyos na walang hanggang.

Ang matandang pari na si Eli ay nakita si Hanna na nagdadasal. Ang akala niya si Hanna ay lasing sapagkat ang kanyang mga labi ay kumikilos ngunit walang ingay na lumalabas. Pinagalitan si Hanna ni Eli!

Ngunit sinabi ni Hanna kay Eli tungkol sa kanyang dalangin na gusto siyang magkaroon ng anak at ang kayang pangako sa Panginoon. "Yumaon ka mananahimik," sumagat si Eli. "At ang Panginoon ng Israel ay gantihan kayo ng inyong hinihingi sa Kanya." Ang mga salita ni Eli ay nakapagbigay ng pagasa.

Hindi nagtagal, dakilang kasayahan ay pumuno sa puso ni Hanna. "naala siya ng Panginoon." at sinagot ang kanyang panalangin. Siya at si Elkana ay nagkaroon ng maliit na batang lalake na pinangalanang Samuel (ang ibig sabihin "nadinig ng Diyos"). Ngunit maala-ala ba kaya ni Hanna ang Diyos at ang pangako niya?





Tuwing taon hindi na si Hanna pumunta sa templo. O, mahal ko! Hindi ba niya tinupad ang pangako niya sa Diyos? Hindi, hinintay ni Hanna hanggang si Samuel ay lumaki ng kunti at makatira sa templo at makatulong kay Eli sa paglilingkod sa templo.

Binigyan ng karangalan si Hanna ng Panginoon dahil sa kanyang katapatan.

Nang napanganak si Samuel, binigyan siya ng tatlo pang anak na lalake at dalawang anak na babae. Taon taon, pumunta si Hanna sa templo upang sumamba sa Panginoon - at nagdala ng bagong balabal na tinahi para kay Samuel.

Hindi lamang si Samuel ang katulong ni Eli. Ang mga anak ni Eli na sina Hopni at Pinehas, ay katulong niya. Ngunit wala silang karangalan sa Diyos dahil gumawa sila ng masasamang mga bagay, at hindi nagiba kahit na namamanhik ang ama na si Eli. Sana pinaalis na sila ni Eli sa gawain sa templo. Ngunit hindi niya pinaalis.

Isang gabi, nadinig ni Samuel ang isang boces na tumatawag sa kanya. Ang akala niya si Eli ang tumatawag sa kanya. "Narito ako," ang sabi niya. "Hindi kita tinatawag," ang sagot ni Eli. Ito ay nangyari ng tatlong besis. Noon nalaman na Eli na ang Panginoon ay kausapin si Samuel.

Sinabi ni Eli kay Samuel, “Kung tawagin ka muli, sabihin mo, ‘Sabihin Panginoon, at ang iyong alipin ay nakikinig.’ ” Tumawag muli ang Panginoon, at binigyan si Samuel ng mahalagang mensahe.

Nang kinaumagahan tinawag ni Eli si Samuel. "Ano ang bagay na sinabi ng Panginoon sa iyo?" nagtanong siya. Ang batang Samuel ay sinabi ang lahat. Ito ay katakot-takot na mensahe - Sisirain ng Panginoon ang sang bahayan ni Eli dahil sina Hopno at Pinehas ay talagang masasama.

Ang abiso ng Panginoon ay natupad. Nang nakipagdigmaan sila ng mga Pilistinas, ang dalawang masasamang anak ni Eli ay nangunguna dinala ang Kaban ng Panginoon sa harap ng kawalan ng Israel. Nabihag ng mga kalaban ang Kaban at pinatay sina Hopni at Pinehas na kasama na ang mga maraming Israelites. Nang narinig ni Eli ang balita, siya'y nahulog sa kanyang upuan, nabali ang liig, at namatay sa araw na iyon.

Ang kaban ng Panginoon ay nagdala ng sumpa o kaguluhan sa mga Pilistinas. Linagay ang kaban sa templo ni Dagon, ang kanilang Diyos-Diyosan. Sa kinaumagahan, ang idolo na Dagon ay nahulog ang mukha napadapa sa lupa. Pinatayo nila si Dagon - ngunit sa umagang sumunod, nahulog siya muli. Ngayon ang Dagon ay nawasak ng maraming peraso.



Mga sakit at kamatayan ay kumayat sa mga Pilistinas.

Upang malalaman kung pinarusahan sila, ang mga Philistinas ay may dalawang baka upang hilahin ang karumata na may laman ang Arka ng Panginoon. Ngunit itinago nila ang mga guya. "Kung pupunta ang mga baka sa Israel, at iiwan ang mga guya, alam natin na ang Panginoon ay gumawa nito," ang sabi nila. At ang mga baka ay pumaroon sa Israel.



Noon si Samuel, may gulang na lalake, nagsalita sa lahat ng tao sa Israel. "Kung kayo ay babalik sa Panginoon ng inong buong puso . . . liligtasin kayo sa mga kamay ng mga Pilistinas." Ang mga tao ay sumunod sa tapat na propeta. At ang kamay ng Panginoon ay sumalungat sa mga Palistinas noong mga araw ni Samuel.

Si Samuel, Batang Lalake ng Panginoon - Alipin

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

1 Samuel 1-7

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16